CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Abril 19, 2021
Pakikipag-ugnay: Jennifer Songster, Pampublikong Aklatan ng Long Beach, 562.570.6860, Jennifer.Songster@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Idinagdag ng Pampublikong Aklatan ng Long Beach ang Paghahanap sa Wikang Khmer sa Online Katalogo

Long Beach, CA - Ang Pampublikong Aklatan ng Long Beach (LPBL) ay nagdagdag ng kakayahan sa paghahanap sa wikang Khmer sa online na katalogo. Gamit ang bagong function na ito, na magagamit sa online katalogo sa longbeach.gov/library, ang mga mambabasa ay maaaring maghanap ng mga awtor, titulo, o mga paksa sa Khmer upang hanapin ang mga titulo sa Khmer na makikita sa Aklatan.

“Ang Long Beach ay nakatuon sa pantay na pag-access sa impormasyon at ipinagmamalaki naming gawing mas nakikita ang Khmer na Koleksyon at mas magagamit sa bagong function na ito,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ngayon higit sa dati, mahalaga na ang mga Asyano Amerikano sa ating komunidad ay dapat nakikita at naririnig. Ang pagpapabuti ng pag-access sa mga materyales sa aklatan sa wikang Khmer ay isang paraan lamang sa pagkilala sa mga dekada ng mga kontribusyon ng komunidad ng Cambodia sa ating dakilang lungsod.”

Ang kakayahang maghanap sa Khmer ay pinondohan ng grant ng Library Services and Technology Act na pinamamahalaan ng California State Library noong 2018 at sinubukan ng United Cambodian Community. Ang LBPL ay may humigit-kumulang na 5,000 na pang-matanda at pang-bata na pinagsama. Dati, upang makahanap ng mga aklat sa silid-aklatan na nakalista sa ibang wika (maliban sa Espanyol), ang mga parokyano ay kailangang maghanap muna ng mga katalogo ng aklatan sa Ingles. Gamit ang bagong function, ang mga mambabasa ay maaari na ngayong maghanap nang direkta sa literatura ng Khmer.

"Ang Pampublikong Aklatan ng Long Beach ay may pinakamalaking koleksyon ng mga materyales sa wika ng Khmer na isang pampublikong aklatan sa Estados Unidos," sabi ni Glenda Williams, Direktor ng Mga Serbisyo sa Aklatan. "Ang idinagdag na function na ito ay ginawang magagamit ng mga mambabasa ng mga librong Khmer, sa parehong paraan na magagamit ang mga librong nasa wikang Ingles sa mga mambabasa sa Ingles. Bilang karagdagan, ang mga tao ay maaaring magpalagay ng mga hold ng materyales sa Khmer sa pamamagitan ng online katalogo ng Aklatan."

Ang Khmer ay ang opisyal na wika ng Cambodia at ang pinaka karaniwang sinasalitang wika ng mga taong may lahing Cambodian. Ang Long Beach ay may isa sa pinakamalaking populasyon ng mga taga-Cambodia at mga Amerikanong taga-Cambodia sa Estados Unidos. Maraming mga nakaligtas sa Khmer Rouge ang tumakas mula sa Cambodia papuntang Estados Unidos noong unang bahagi ng 1980, na may isang makabuluhang bilang ng mga refugee na naninirahan dito.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach
Tahanan ng humigit-kumulang na 470,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na mga amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, at ang Port of Long Beach, pati na rin ang mga award-winning na kagawaran ng Lungsod kabilang ang Kalusugan, Parke, Libangan at Marina, Mga Serbisyong Pagpapaunlad at iba pa. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 parke, milya ng mga beach, mga marina, mga landas ng bisikleta at isang Bike Share na programa.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa http://longbeach.gov/. Sundan kami sa social media upang malaman ang pinakabagong balita: Facebook, Twitter, Instagram, at YouTube.

Tungkol sa Pampublikong Aklatan ng Long Beach
Ang Pampublikong Aklatan ng Long Beach, na itinatag noong 1896, ay naglilingkod sa magkakaibang urbanong lungsod na malapit sa kalahating milyong tao. Ang sistema ng

CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

Pampublikong Aklatan ng Long Beach ay kinabibilangan ng Billie Jean King Main Library at labing-isang aklatan sa kapitbahayan at isang masiglang online na presensya. Noong tag-init ng 2017, ang Pampublikong Aklatan ng Long Beach ay ginawaran ng National Medal para sa Serbisyo sa Aklatan at Museo bilang pagkilala sa matagumpay na pakikipagtulungan sa komunidad, makabagong STEM (Siyensiya, Teknolohiya, Engineering, at Matematika) at mga programang nakatuon sa literatura sa mga residente ng Long Beach. Na mayroon ding pag-diin sa pagbibigay ng libre at pantay na pag-access sa impormasyon at suporta para sa pag-aaral ng habang buhay, ang Aklatan ay nag-aalok ng mga libro, media, database, pag-access sa internet, mga Sentro ng Pag-aaral Pangpamilya, makerspaces, at iba't ibang mga kaganapan mula oras ng kwentuhan hanggang sa mga programang pangkultura.

Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa http://www.longbeach.gov/library, "i-Like" ang Pampublikong Aklatan ng Long Beach sa Facebook, at sundan sa Twitter at Instagram.

###